# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 31, 2021, LUNES, IKA-01:00 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 294-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY HALAGANG P210,247.70 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 014-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 004-T2021 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay Malinao para sa Karagdagang Badyet Blg. 2 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 13-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 003-T2021 na may halagang P210,247.70 mula sa SK Surplus o Natira noong 2020 upang ilaan para sa School Supplies (P20,000.00); Welfare Goods Expenses – Frozen Foods / Eggs (P30,000.00); Face Shiels (P12,000.00); Alcohol (P3,000.00); Biodegradable Plastic Bag (P300.00); Other Supplies and Materials (P35,000.00)' Medical Equipment – 2pcs. Sphygmomameters (P5,000.00); 1 Infantometer (P2,500.00); Other MOOE- Clean Up Drive (P20,000.00) at Info and Comm Technology Equipment (P30,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 2 na pinagtibay sa bisa ng ng Kapasiyahan Blg. 014-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 004-T202;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna na may halagang P210,247.70 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 014-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 004-T2021 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Kabataan at Sangguniang Barangay ng Malinao at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 31, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/15/21